Bumababa ang Panginoon natin (napakamapagpala Siya at napakataas) sa bawat gabi tungo sa pinakamababang langit kapag natitira ang huling ikatlo ng gabi

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Bumababa ang Panginoon natin (napakamapagpala Siya at napakataas) sa bawat gabi tungo sa pinakamababang langit kapag natitira ang huling ikatlo ng gabi. Magsasabi Siya: Sino ang dumadalangin sa Akin para tumugon Ako sa kanya? Sino ang humihingi sa Akin para magbigay ako sa Kanya? Sino ang humihingi ng tawad sa Akin para magpatawad Ako sa kanya?"}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakamapagpala Siya at napakataas) ay bumababa sa bawat gabi tungo sa pinakamababang langit kapag natitira ang huling ikatlong bahagi ng gabi. Nagpapaibig Siya sa mga lingkod Niya na dumalangin sila sa Kanya sapagkat Siya ay tumutugon sa sinumang dumalangin sa Kanya. Humihimok Siya sa kanila na humingi sila sa Kanya ng ninanais nila sapagkat Siya ay nagbibigay sa sinumang humingi sa Kanya. Nagmungkahi Siya sa kanila na humingi sila ng tawad sa Kanya sa mga pagkakasala nila sapagkat Siya ay nagpapatawad sa mga lingkod Niya na mga mananampalataya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10412